# PAGBIBIGAY-KAHULUGAN SA MGA TUNGUHIN

1

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN


- SESYON 1
  - Panimula
  - Maingay o Hindi?
  - Mga Tampok
- SESYON 2
  - Pagbabalik-aral
  - Mga Karagdagang Tampok
  - Mga Goaltender
  - Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante


## MGA LAYUNIN

Makikilala ng mga estudyante ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga tunguhin.

Makikilala ng mga estudyante na ang mga makabuluhang tunguhin ay kailangang personal at makatotohanan.

Makikilala ng mga estudyante na ang mga tunguhin ay may mga kahihinatnan at dapat na may mga deadline.

Maglilista ang mga estudyante ng mga tunghuhin at gagamit ng mga tiyak na pamantayan upang suriin ang mga ito.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Sesyon 2: Isang kopya ng activity sheet na “Mga Wastong Layunin” para sa bawat estudyante (Bahagi III)

# SESYON 1

## Panimula

5 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na ilarawan kung ano ang kanilang gagawin kung gusto nilang makakuha ng isang tiyak na marka sa isa sa kanilang mga klase. Halimbawa, itanong:

- Ano ang gagawin mo kung gusto mong makakuha ng C sa iyong English class? (Dapat sumagot ang mga estudyante: bihirang gumawa ng takdang-aralin, huwag mag-aral para sa mga pagsusulit.)
- Ano ang gagawin mo kung gusto mong makakuha ng A? (Dapat sumagot ang mga estudyante: mag-aral nang mabuti, gumawa ng takdang-aralin, atbp.)

Ilista ang mga sagot sa pisara. Maglaan ng ilang minuto para gumawa ng obserbasyon tungkol sa pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga listahan.

Ipunto na sa bawat sitwasyon, binanggit ng mga estudyante ang pagsasagawa ng mga partikular na aksyon upang maabot ang isang partikular na tunguhin. Ipunto din na sa bawat sitwasyon, ang resulta, o kinahinatnan ng aksyon ay naiiba, ngunit hindi ito basta nangyari o isang sorpresa.

Sabihin sa mga estudyante na sa araling ito, pag-uusapan nila ang kahulugan at kahalagahan ng mga tunguhin, at kung paano gagawa ng mga partikular na aksyon upang maabot ang tunguhin.

## Bahagi I: Maingay o Hindi?

20 Minuto

Layunin: Kikilalanin ng mga estudyante ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga tunguhin.

**1. Maghanda ang mga estudyante para sa aktibidad.**

Ipaliwanag na ang klase ay magsasagawa ng eksperimento. Hatiin ang klase sa apat na grupo, at paupuin nang magkakasama ang mga miyembro ng bawat grupo. Pagkatapos, basahin ang mga sumusunod na panuto habang ipinapakita ang bawat isa:

- Ang mga miyembro ng grupo 1 ay lilikha ng tunog sa pamamagitan ng pagpadyak ng paa nang malakas sa sahig, salit-salitang paa.
- Ang mga miyembro ng grupo 2 ay lilikha ng tunog sa pamamagitan ng patuloy na pagpitik ng kanilang mga daliri.
- Ang mga miyembro ng grupo 3 ay itatapik ang kanilang mga kamay sa kanilang mga hita.
- Ang mga miyembro ng grupo 4 ay pagkukuskusin ang palad ng kanilang mga kamay.
- Pagbilang ng tatlo, lahat ng apat na grupo ay magsisimulang lumikha ng tunog at magpapatuloy hanggang sa sabihin kong huminto.

**2. Lilikha ng tunog ang mga estudyante.**

Bigyan ang mga estudyante ng humigit-kumulang 30 segundo upang makalikha ng tunog. Subukang huwag magpakita ng anumang reaksyon sa kung ano ang nangyayari. Kung magsisimulang maglaho o mawala ang mga tunog, kung nangyari, sabihin sa mga estudyante na magpatuloy. Kapag tapos na ang oras, sabihin sa mga estudyante na huminto.

**3. Pagnilayan ng mga estudyante ang kanilang karanasan.**

Himukin ang mga estudyante sa isang talakayan tungkol sa kung ano ang kanilang ginawa sa pamamagitan ng pagtatanong:

- Ano ang layunin ng aktibidad na ito? (upang lumikha ng iba't ibang tunog)
- Ano sa palagay ninyo ang nagawa natin sa aktibidad na ito? (Maaaring sumagot ang ilang estudyante na ang isang bagay na nagawa nila ay ang gumawa ng maraming ingay. Kung ang ilan ay mangatwiran na gumawa sila ng musika, ituro na ang musika ay karaniwang

ginawa mula sa isang pattern o ritmo ng mga tunog, at hikayatin ang mga estudyante na suriin kung ang kanilang mga tunog ay talagang matatawag na musika.)

Sabihin, "Napakahusay ng pagsunod ninyo sa aking mga panuto. Ngunit sa paggawa nito, wala kaming ganap na nagawa dahil wala kaming naisip na makabuluhang tunguhin nang kami ay nagsimula. Tingnan natin kung ano ang mangyayari kung gagamitin natin ang mga ingay upang lumikha ng tunog ng malakas na ulan."

**4. Ulitin ng mga estudyante ang aktibidad, sa pagkakataong ito ay may iniisip na tunguhin.**

Ipaliwanag na para mkalikha ng tunog ng malakas na ulan, ang mga estudyante ay lilikha ng parehong tunog, ngunit sa magkaibang paraan. Sabihin sa kanila na sa pagkakataong ito ikaw ang gaganap bilang tagapanguna. Lilikha ka ng isa sa mga tunog, at pagkatapos ay ituturo ang isang grupo. Dapat ulitin ng grupong iyon ang tunog, at ipagpatuloy ito hanggang sa mabigyan mo sila ng bagong tunog. Paalalahanan ang mga estudyante na bantayang mabuti ang panuto sa kanila, at pagkatapos ay gawin nang tahimik ang sumusunod:

- Pagkuskusin ang mga palad ng iyong mga kamay at ituro ang grupo 1. Ulitin ang mga aksyon na ito para sa grupo 2, pagkatapos ay sa grupo 3, at panghuli sa grupo 4.
- Ipitik ang iyong mga daliri at ituro lamang ang grupo 1. Ang iba pang mga grupo ay dapat magpatuloy sa pagkuskos ng kanilang mga kamay.
- Habang pinipitik ang iyong mga daliri, ituro ang grupo 2, pagkatapos ay grupo 3, at panghuli sa grupo 4. (Dapat ay pumipitik na ang lahat, na parang patak ng ulan na tumatama sa lupa.)
- Itapik ang iyong mga kamay sa iyong mga hita at ituro ang bawat grupo.
- Ipadyak ang iyong mga paa at ituro ang bawat grupo nang sunod-sunod. (Dapat ay parang malakas na pag-ulan na ang tunog ngayon nito.)
- Baliktarin ang pagkakasunud-sunod ng mga aksyon (tapik sa hita, pagpitik, kuskusin ang mga palad) upang parang humihinto na ang bagyo.

**5. Paghahambingin at pag-iibahin ng mga estudyante ang mga aktibidad.**

Magtawag ng mga boluntaryo upang ilarawan ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang bersyon ng aktibidad na kanilang ginawa. Gabayan ang mga estudyante na maunawaan na sa pangalawang pagkakataon, ang grupo ay may tiyak na layunin o tunguhin sa isip at lumikha ng mga tunog sa tiyak na pagkakasunud-sunod sa tiyak na oras upang maisakatuparan ang hangaring iyon.

Ipaliwanag na ang mga tunguhin ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng dahilan sa paggawa ng mga bagay. Nagbibigay ng pokus at tagubilin sa buhay ng mga tao ang mga makabuluhang tunguhin. Tinutulungan nito ang mga tao na makamit ang kanilang mga tunguhin at pinapahintulutan silang matupad ang kanilang mga pangarap.

# Bahagi II: Mga Tampok 20 Minuto

Layunin: Malalaman ng mga estudyante na ang mga makabuluhang tunguhin ay kailangang personal at makatotohanan.

**1. Bibigyang-kahulugan ng mga estudyante ang salitang "tunguhin."**

Hilingin sa mga boluntaryo na ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin sa kanila ng salitang "tunguhin". Isulat sa pisara ang kanilang mga ideya. Ipahanap sa isang boluntaryo ang salita sa isang diksyunaryo at basahin nang malakas ang mga kahulugan at kasingkahulugan ng salita.

Sa pamamagitan ng talakayan, gabayan ang mga estudyante na gumawa ng kanilang sariling kahulugan at tumuon sa mga kasingkahulugan na makabuluhan sa kanila. (Dapat sumagot ang mga estudyante na ang tunguhin ay bagay na nais nilang makamit sa isang tiyak na oras. Ang mga kasingkahulugan ay maaaring "puntirya," "pakay," at "layuinin.") Isulat ang mga resulta sa pisara, at imungkahi sa mga estudyante na itala ang mga ito. Itala ang mga resulta para sa iyong sarili para magamit sa susunod na period ng klase.

**2. Kikilalanin ng mga estudyante na personal ang mga tunguhin.**

Hilingin sa mga estudyante na balikan ang kanilang talakayan tungkol sa mga pangarap sa unang bahagi ng kurso. Kung inilalagay ng mga estudyante ang kanilang gawain sa mga folder, ipahanap sa kanila ang activity sheet na "Cloud Nine" activity sheet mula sa Aralin 4 ng Pagsisimula, kung saan gumuhit sila ng mga larawan na kumakatawan sa kanilang mga pangarap. Hikayatin silang alalahanin kung ano ang kanilang iginuhit at kung bakit.

Paalaalahanan ang mga estudyante na ang bawat isa sa klase ay may mga pangarap, at ang mga pangarap na ito ay naiiba tulad ng mga taong nangangarap ng mga ito. Sabihin sa mga estudyante na tulad ng kanilang mga pangarap, ang kanilang mga tunguhin ay personal. Sila lang ang makakapagpasya kung ano dapat ang kanilang mga tunguhin, sila lang ang makakagawa ng kanilang mga tunguhin, at sila lang ang makakapagbago ng kanilang mga tunguhin.

Isulat ang salitang "mga tunguhin" sa pisara at gumuhit ng bilog sa palibot nito. Pagkatapos, gumuhit ng apat na pahalang na linya na nagmumula sa bilog (dalawang linya sa kaliwang bahagi at dalawa sa kanan) upang makagawa ng isang semantikong mapa. Sa kaliwang itaas na linya, isulat ang pariralang "ay personal."

**3. Kikilalanin ng mga estudyante na may makatotohanan at hindi makatotohanang mga tunguhin.**

Sa ibabang kaliwang linya ng semantikong mapa, isulat ang pariralang "makatotohanan." Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin nito. (Dapat banggitin ng mga estudyante na ang mga makatotohanang tunguhin ay praktikal o posibleng makamit.)

Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang hindi makatotohanang tunguhin. (Dapat banggitin ng mga estudyantena ang hindi makatotohanang tunguhin ay hindi praktikal o hindi posibleng makamit.) Pagkatapos, mag-imbita ng mga boluntaryo na magbigay ng ilang

halimbawa ng hindi makatotohanang mga tunguhin o inaasahan. Himukin ang kanilang isipan sa pamamagitan ng pagbibigay ng ilang halimbawa galing sa iyo:

- Magiging Olympic athlete ako sa katapusan ng buwan.
- Gusto kong bumili ng sports car, ngunit hindi ako nag-iipon ng pera para dito.

Habang sumasagot ang mga estudyante, sabihin sa kanila na ipaliwanag kung bakit hindi makatotohanan ang mga halimbawang ito. Hayaan silang magmungkahi ng mga pagbabago na gagawing mas makatotohanan ang mga tunguhing ito. I-modelo ito sa pamamagitan ng pagsasaayos ng iyong sariling mga halimbawa:

- Magiging Olympic athlete ako sa susunod na 10 taon.
- Ang pagbili ng sports car ay hindi makatotohanang tunguhin hanggang sa makaipon ako ng libu-libong dolyar. Magbubukas ako ng savings account sa aking bangko bukas para kalaunan ay mabili ko ang sasakyan.

Tulungan ang mga estudyante na ituon ang pansin sa pagbabago ng mga hindi makatotohanang layunin upang umayon sa isang makatwirang takdang panahon. Sabihin, “Ang pagtatakda ng iyong mga mataas na pangarap ay hindi katulad ng pagiging hindi makatotohanan. Halimbawa, hindi ba makatotohanan para sa isang 14 na taong gulang na mahilig sa math na gustong maging engineer pagkatapos niyang makapagtapos ng kolehiyo? Hindi! Ang pagiging hindi makatotohanan ay nangangahulugan na ang tunguhin ay hindi naaayon sa iyong mga personal na pagpapahalaga, kakayahan, interes, o takdang panahon.”

Ibalik ang atensyon sa semantikong mapa sa pisara, at ipunto ang dalawang natitirang bakanteng linya sa kanang bahagi ng mapa. Ipaliwanag na sa susunod na period ng klase, tatalakayin ng mga estudyante ang dalawa pang aspeto ng makabuluhang tunguhin: mga kahihinatnan at mga deadline.

# SESYON 2

## Bahagi I: Pagbabalik-aral 5 Minuto

Sa pisara, muling likhain ang semantikong mapa na ginamit mo sa huling sesyon upang itala ang iba't ibang aspeto ng mga tunguhin. Para sa period na ito ng klase, isulat ang salitang "mga tunguhin" at gumuhit ng bilog sa palibot nito. Pagkatapos, gumuhit ng apat na linya na nagmumula sa bilog.

Sabihin sa mga estudyante na balikan ang natutunan nila tungkol sa mga tunguhin sa nakaraang period ng klase. Papuntahin ang mga boluntaryo sa pisara nang paisa-isa, at pasulatin ng mga salita na naglalarawan sa iba't ibang aspeto ng makabuluhang tunguhin. Habang ginagawa nila ito, tawagin ang ibang mga estudyante upang magkuwento ng higit pa tungkol sa bawat aspetong nakalista. Dapat ay mapunan ng mga estudyante ang dalawang linya ng mga pariralang "ay personal" at "ay makatotohanan."

Ipaalala sa mga estudyante na ngayong araw ay tutuklasin nila ang dalawang karagdagang aspeto ng makabuluhang tunguhin—mga kahihinatnan at mga deadline. Punan ang dalawang kanang linya sa semantikong mapa ng mga pariralang "may mga kahihinatnan" at "may mga deadline."

## Bahagi II: Higit pang Mga Tampok 20 Minuto

Layunin: Kikilalanin ng mga estudyante na ang mga tunguhin ay may mga kahihinatnan, at dapat na may mga deadline upang maging kapaki-pakinabang.

**1. Kikilalanin ng mga estudyante ang koneksyon sa pagitan ng mga tunguhin at kahihinatnan.**

Hilingin sa mga estudyante na sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Ang pakakuha mo ba ng B o A sa lahat ng iyong report card ngayong gradiing period ay isang tunguhin?
- Isang tunguhin ba ang palaging pagliban sa klase?
- Isang tunguhin ba ang pakikipag-usap sa lahat sa pamamagitan ng pagsigaw sa kanila?

Patunayan na ang sagot sa bawat tanong na ito ay maaaring oo. Ipunto na ang mga halimbawang ito ay maaaring mga tunguhin, ngunit ang mga ito ay may iba't ibang kahihinatnan. Ipalarawan sa mga estudyante kung ano ang mangyayari kung puro B at A ang natanggap, lumiban sa klase araw-araw, o palaging sinisigawan ang lahat.

Pagkatapos talakayin ang mga kahihinatnan ng bawat halimbawa, sabihin sa mga estudyante na suriin kung ang tunguhin ay nagbunga ba ng positibo o negatibong mga resulta.

Ipunto na kapag nagtatakda ng mga tunguhin, mahalagang isaalang-alang ang mga kahihinatnan nito. Ipaliwanag na ang pagtatakda ng mga positibong tunguhin ay magbubunga ng mga positibong resulta at ang pagtatakda ng mga negatibong tunguhin ay magbubunga ng mga negatibong resulta.

**2. Pagtutuonan ng pansin ng mga estudyante ang kahalagahan ng mga deadline.**

Bigyang-pansin ang linya sa semantikong mapa na may label na “may mga deadline.” Pagkatapos, magtanong tulad ng mga sumusunod upang magsimula ng talakayan tungkol sa mga deadline at kung paano nito inuudyok ang mga tao:

- Kung dapat mong linisin ang iyong kuwarto bago ka manood ng TV bukas, kailan mo ito gagawin? (Gagawin ko ito ngayong gabi, o bago o pagkatapos ng klase bukas.)
- Ano ang tumutukoy kung kailan mo lilinisin ang iyong kuwarto? (Natutukoy ito depende sa oras o deadline kung kailan dapat linisin ang kuwarto.)
- Ang deadline ba ay nag-uudyok o naghihikayat sa iyo na tapusin ang trabaho?
- Ano ang mangyayari kung wala kang deadline?

**3. Kikilalanin ng mga estudyante na ang mga deadline ay dapat na makatotohanan.**

Itanong sa mga estudyante kung naaalala nila ang kahulugan ng salitang “tunguhin” na nabuo nila noong nakaraang period ng klase. Isulat ang kahulugan sa pisara, at bilugan o magdagdag ng sanggunian sa mga time frame. Halimbawa, kung ang kahulugan mo nito ay, “Ang tunguhin ay bagay na gusto mong makamit sa tiyak na oras,” bilugan ang mga salitang “sa tiyak na oras.” Kung hindi binanggit ng iyong kahulugan ang mga time frame, magdagdag ng sanggunian sa mga ito ngayon.

Bigyang-diin ang katotohanan na ang mga deadline ay nakakatulong na mag-udyok sa mga tao na maisagawa ang mga gawain. Tanggapin ang katotohanan na kung minsan ay madaling makalimutan ang tunguhin kung wala itong deadline. Sabihin, “Kung mahalaga ang tunguhin, magtakda ng deadline para sa pagtupad nito. Kalaunan, matututunan natin na ang ilang mga tunguhin ay kailangang hatiin sa iba't ibang bahagi, at ang bawat isa ay may sariling deadline.”

# Bahagi III: Mga Goaltender 15 Minuto

Layunin: Ililista ng mga estudyante ang mga tunguhin at gagamit ng mga tiyak na pamantayan upang suriin ang mga kahalagahan nito.

**1. Ililista ng mga estudyante ang kanilang mga tunguhin.**

Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na “Mga Wastong Tunguhin”. Ipaliwanag na dapat isipin ng mga estudyante ang tatlong bagay na gusto nilang maisagawa sa susunod na linggo. Magbigay ng mga ideya tulad ng sumusunod:

- Isipin ang mga tunguhin na maaaring mayroon ka sa iyong mga klase—mga takdang-aralin na kailangang tapusin o mga paparating na pagsusulit.
- Isipin ang mga tunguhin na maaaring mayroon ka sa bahay—mga proyektong ginagawa mo o mga gawaing-bahay kung saan ikaw ang responsable.

- Isipin ang tungkol sa mga tunguhin na maaaring mayroon ka sa mga kaibigan—mga umiiral na relasyon na kailangang ayusin o mga bago na gusto mong simulan.

**2. Susuriin ng mga estudyante ang kanilang mga tunguhin.**

Kapag natapos nang ilista ng mga estudyante ang tatlo sa kanilang mga tunguhin, ipasuri sa kanila ang bawat isa at sukatin ito sa sumusunod na pamantayan:

- Ito ba ay personal na tunguhin? May kahulugan ba ito sa iyo? Ito ba ay isang bagay na gusto mong matupad?
- Makatotohanan ba ang tunguhing ito? Naaayon ba ito sa iyong mga pagpapahalaga, kakayahan, at inaasahan?
- Positibo ba ang mga kahihinatnan ng tunguhing ito? Magreresulta ba ito sa isang bagay na gusto mong matupad?
- May deadline ba ang tunguhing ito? Makatotohanan ba itong maisasakatuparan sa oras na iyong itinakda?

Sabihin sa mga estudyante na isulat ang oo o hindi bilang sagot sa bawat tanong sa gitnang hanay ng activity sheet.

**3. Babaguhin ng mga estudyante ang kanilang mga tunguhin upang maging makabuluhan ang mga ito.**

Sabihin sa mga estudyante na kung sumagot sila ng hindi sa anumang tanong tungkol sa isang tunguhin, dapat nilang punan ang kanang hanay ng activity sheet. Maari nilang ipaliwanag na ang layunin ay hindi mahalaga o hindi makatotohanan at kaya ito'y iiwanan, o maaari rin nilang baguhin ito upang umayon sa pamantayan ng isang makabuluhang layunin.

Umikot sa mga estudyante habang sila ay gumagawa ng gawain, sumagot sa mga tanong o magbigay ng mga mungkahi at paghihikayat kung kinakailangan. Mag-ingat na huwag gumawa ng mga paghatol tungkol sa mga tunguhin na inilista ng mga estudyante.

# Konklusyon

3 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na pangalanan ang mga natatanging aspeto ng makabuluhang tunguhin. Hilingin sa kanila na ipaliwanag ang epekto ng pagtatakda ng mga tunguhin sa pagsasakatuparan ng kanilang mga pangarap. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Personal ang mga makabuluhang tunguhin at makatotohanan; dapat ipakita ng mga ito ang iyong mga pagpapahalaga, kakayahan, at interes.
- Magkakaroon ng mga positibong kahihinatnan ang mga positibong tunguhin.
- Magtakda ng mga deadline upang mag-udyok sa iyo na makamit ang mga tunguhin mo at matupad ang iyong mga pangarap.

# Pagtatasa sa Estudyante

**SESYON 1**

1. Bakit mahalaga ang ilang mga tunguhin?
2. Magbigay ng halimbawa ng isang makatotohanang tunguhin at isang halimbawa ng hindi makatotohanang tunguhin.

**SESYON 2**

1. Bigyang-kahulugan ang "personal na tunguhin."
2. Magbigay ng halimbawa ng makabuluhang tunguhin. Ano ang nagbibigay kabuluhan sa tunguhing ito?
3. Bakit mahalagang bahagi ng pagtatakda ng tunguhin ang mga deadline?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Ang trahedya ng buhay ay hindi nakasalalay sa hindi pagkamit ng iyong tunguhin. Ang trahedya ay nakasalalay sa walang tunguhin na aabutin.”

Talakayin ang sipi na ito. Hayaang ipaliwanag ng mga estudyante kung bakit sila sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon. Bilang isang klase, mag-isip ng mga paraan kung saan ang pagkakaroon ng mga tunguhin ay maaaring humantong sa mas kasiya-siyang buhay.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng mga totem pole na nagpapakita ng kanilang mga tunguhin. Tagubilinan silang idikit ang base ng karton sa isang walang laman na paper towel tube. Upang maikwento ang kanilang mga tunguhin, maaari silang magdikit ng maliliit na larawan at bagay, piraso ng artikulo mula sa diyaryo, atbp.

Tagubilinan ang mga estudyante na ipaliwanag ang kahalagahan ng kanilang mga totem sa maliliit na grupo.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Tagubilinan ang mga estudyante na isulat ang tungkol sa tunguhin nila noong bata pa sila. Nakamit ba nila ito? Bakit o bakit hindi?

Ibahagi sa mga estudyante ang kanilang isinulat sa isang kapareha. Kung hindi nila nakamit ang kanilang tunguhin, dapat pa ba itong ituloy? Paano nila muling mabibigyang-kahulugan ang tunguhin upang magawa itong maisakatuparan?

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Ipagamit sa mga estudyante ang internet upang maghanap ng mga artikulo ng balita kung saan ang mga indibidwal, koponan ng sports, grupo ng pulitiko, o bansa ay nagpahayag ng kanilang mga tunguhin.

Ipatasa sa mga estudyante ang mga tunguhing ito sa maliliit na grupo upang makita kung makatotohanan ang mga ito, may positibong kahihinatnan, at isama ang mga deadline. Tagubilinan ang mga estudyante gumawa ng mga chart upang ipakita ang kanilang ginawa.

# TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na sumulat ng liham sa taong hinahangaan nila upang humiling ng payo kung paano makamit ang mga tunguhin. Talakayin ang mga liham sa klase, at hayaan itong ipadala ng mga estudyante.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ibahagi ang dalawang kwento ng tagumpay mula sa *Speaker's Sourcebook II* ni Glenn Van Ekeren: "Master of Music Trivia," na tungkol sa pagsikat ni Casey Kasem bilang host ng *American Top 40*, at "The Cookie Kid," na tungkol kay Markita Andrews, nagbebenta ng 30,000 kahon ng Girl Scout Cookies.

Tagubilinan ang mga estudyante na tukuyin ang tunguhin ng bawat tao at kung paano nila ito nakamit.